

PROLOGUE

On Benedict Timothy Catalano's sixteenth birthday, he was featured in the lifestyle section of a national newspaper. Kagagawan iyon ng Ate Margaret niya na nagtatrabaho sa naturang broadsheet. Hindi ito ang sumulat ng article, pero sigurado siyang ito ang nagbigay ng impormasyon at mga litrato tungkol sa koleksyon niya ng mga libro ng British author na si J.R.R. Tolkien.

It turned out he was the youngest Filipino to own all twenty-one works of the acclaimed author, including those published after Tolkien's death. Lahat ng iyon ay nabili lang nila sa second-hand bookstores, but they all were proudly displayed in a shelf he himself made.

Mabuti sana kung iyong collection lang niya ang na-feature, pero idinamay pa roon ang yearbook picture niya! He hated having his photos taken because he looked like he wanted to disappear in the face of the earth in all of them. Mahiyain kasi siya at hindi sanay sa grabeng atensyon. Samantalang ang Ate Margaret niya, kung nahilig siguro sa beauty pageants ay panalo na bilang *Miss Congeniality*.

“Ano ang inirerekamo mo? Mabuti nga iyon at baka maging inspiration ka pa sa iba at ma-encourage ang mga

kaedad mo na magbasa ng libro kesa puro *DotA* o bisyo ang pinag-aaksayahan ng allowance,” nanlalaki ang mga matang sabi nito habang nagsasalin ng spaghetti sa plato. Kadarating lang ng kapatid mula sa trabaho at hinintay niya ito dahil gusto niyang sabay silang naghahapunan.

“Eh, kasi ang dami na tuloy nakakakilala sa akin sa school,” protesta pa rin niya habang inaayos ang mesa.

“So? You’re the smartest kid in class, you’re their star tennis player, and you just got elected as student council president! Sa lahat ng achiever, ikaw ang wala kahit katiting na angas sa katawan.” Napailing ito.

“Hindi naman kailangan ’yun, Ate,” mahinang sabi niya. At hindi rin niya alam kung bakit siya ganoon kamahiyain. May mga kaibigan naman siya pero hindi siya outgoing. Palagi siyang nakayuko kapag naglalakad, pangiti-ngiti lang sa isang tabi pero maasahan naman. Hindi lang talaga siya gaya ng ate niya, o ng best friend niyang si Kelvin.

“Fine... pero...” Ngumisi ang makulit na ate niya, at bago pa nakaiwas si Benedict ay naabot na nito ang magkabilang pisngi niya at tinapik-tapik iyon. “Ang pog-i-pogi ng baby brother ko! Dapat inilalantad sa madla! Paano ka magkaka-girlfriend niyan?”

And just like that, he felt his cheeks burn.

Hindi lang siya tahimik at mahiyain, unpredictable din

ang pagba-blush niya!

“Kaloka ka, Benedict! Ang laki mong tao pero ang dali mong mag-blush,” natatawa pang sabi nito. “So, kumusta ang araw mo? Did you get anything special? Wala ka pa bang crush man lang? Hindi ka naman siguro bading, ano!”

“Ate naman.” Kung ang ibang kapatid ay protective, ang Ate Margaret niya ay parang ipinagtutulakan pa siyang magka-girlfriend. At hindi pa siya nagkakaroon kahit kailan. Not that he’s not interested in anyone, ngunit kadalasan ay nauunahan siya ng mga kaklase o kaibigang mas malakas ang loob sa mga babaeng nagugustuhan niya.

“Hay naku!” Napabuntong-hininga ito habang kumukuha ng isang slice ng pizza sa box. “You’ll be in college next year, Benedict. Ibang mundo na iyon, hindi na pupuwede ’yang pagiging mahiyain mo. Alisin mo na iyan at maging mas madiskarte ka sa mga gusto mo sa buhay dahil kung hindi, mauunahan ka lagi.”

He simply shrugged. He never felt the need to change because he thought it was not necessary.

Not that he wasn’t ambitious. He has big plans for his future, but he was not about to change anything with the way things are. Isa pa, sa tingin ni Benedict ay mawawala rin naman ang pagkamahiayin niya eventually at hindi niya kailangang pilitin iyon sa ngayon.

Eksaktong fifteen days simula nang malagay siya sa dyaryo ay may dumating na package sa opisina ng Ate Margaret niya na sa kanya nakapangalan.

Walang return address iyon maliban sa isang post office box number, na nang i-search nila sa Internet ay wala namang record. It was a small parcel, containing the first two books from *The History of Middle Earth* collection, hardbound at mga first editions pa! Pinapangarap pa lang niyang makompleto rin iyon at sa pagdating ng package ay kaagad naumpisahan.

Wala silang idea ng ate niya kung sino ang nagbigay. Wala rin silang kamag-anak sa UK kung saan nanggaling ang mga libro dahil panay nasa Japan o Australia ang mga tiyu hin, tiyahin at mga pinsang mahilig magpadala ng kung anu-ano sa kanila.

For the next two years, he was able to find only three more books from the twelve volume collection, but none were first editions. Madalas ding maisip ni Benedict kung saan ba talaga iyon galing, at ninais makilala ang nagbigay, hanggang sa sumuko na rin siya at naisip na marahil, wala talaga iyong balak magpakilala.

1 Stranger

Ang sabi nila, if you are going to be weird, you also have to be confident. I never considered myself weird, just still shy. Wala rin akong nakilala pang masyadong kakaiba, dahil kung mayroon man ay sama-sama sila gaya ng mga mahihilig sa cosplay, comic books o pagkakarera ng mga gagamba at salagubang. May mga clubs pa nga sila, kaya natural, may kumpiyansa sila dahil hindi nag-iisa.

That's why when I saw her that fine Wednesday afternoon, exactly a week before the new school year officially started, I knew I was in the presence of someone I'll never meet again in my entire life. Nasa 500-seater auditorium ako ng building ng College of Architecture and Fine Arts, nasa isa sa mga mesa sa malawak na stage na nagre-represent ng samu't saring clubs upang mag-recruit ng miyembro mula sa mga freshmen at transferees.

Ikalawa at huling araw ng orientation para sa mga bagong estudyante, at matapos ang university tour kaninang umaga ay dito sa auditorium ang punta nila. Director ako ng *Audio-Visual Club* na may hawak ng isang weekly radio show at isang monthly TV program na mapapakinggan at mapapanood via the Internet.

It was thirty minutes before two pm, ang oras kung saan isa-isa kaming papagitna sa stage para sa isang presentation tungkol sa mga clubs namin. The first hour was spent handing out application forms and information sheets to new students. Hindi gaanong mabenta ang club namin dahil karaniwan ay technical ang ginagawa, na okay lang naman sa akin. We only wanted to have people who would be really interested in the *AV Club*.

Never in my life did I imagine someone like her to be interested.

Hindi ko alam kung bakit sa saktong pagbukas ng pinto sa upper left side ng tiered seats ng auditorium ay napatingin din ako. Lahat ay abala kaya walang gaanong nakapansin sa pagpasok ng isang babaeng may pulang buhok at damit na hindi ko alam kung ginaya sa multo o diwatang mahilig sa pink.

Pale pink shirt na glittery print ng mukha ni Tinkerbell na tinernuhan ng mahabang palda na sumusunod sa bawat paggalaw ng may suot. Pink din ang mataas na wedge shoes ba iyon at pink din ang malaking bag. Nang mas makalapit siya ay napansin kong pink din ang theme ng kaunting makeup niya. Parang may pink glitters pa nga siya pati na sa buhok.

Habang pababa ay nadaragdagan na rin ang mga taong nakakapansin sa kanya. Nag-uumpisa na rin ang bulungan,

pero parang wala siyang pakialam. There were rude comments but she didn't seem to mind. Derecho ang tingin niya sa stage at sa... sa akin?

Was she really looking at me?

Did she notice I have been staring? *Man...*

Huli na para mag-iwas ako ng tingin, dahil mukhang wala siyang balak na alisin din ang pagkakatingin sa akin. Hawak na niya sa isang kamay ang kopya ng registration form niya at nag-uumpisa nang isa-isahin ang mesa ng bawat clubs sa stage.

Saglit na nawala siya sa paningin ko dahil huminto sa isang mesa. Kinulit din ako ng katabi kong si Kelvin, na president naman ng *Design Dynamics*.

“Mukhang galing sa cosplay,” nakangising sabi niya.

Hindi ko alam kung bakit nainis ako sa narinig. Bahagyang ngumiti lang ako bago napailing. Pag-angat ng tingin ay tumalon yata ang puso ko sa gulat dahil nasa harap na namin ang babaeng addict sa pink.

At mukhang pinagkumpara niya ang clubs na kinabibilangan namin ni Kelvin.

“Hmm...” She was rubbing her chin, as if about to make a world-changing decision. “*Design Dynamics*, ’tapos Archi na ako. Parang redundant...”

Her voice was low and melodic. Magandang pakinggan.

“Uy, hindi, ah,” depensa kaagad ni Kelvin, bagaman nakangiti. “Actually, makakatulong pa nga itong club dahil may mga peer sessions kami. Nice, Archi ka?”

The girl smiled. Parang nagliwanag ang buong mukha—no, ang buong auditorium sa ngiting iyon. Her big, downturned eyes even twinkled. “Third year.”

“Third year! Mukha ka lang freshie,” dagdag pa ni Kelvin.

“Dahil maliit ako?” Bahagyang nangunot ang noo ng babae.

Natawa si Kelvin. “Dahil mukha ka pang fresh. Fresh from high school.”

Natawa lang ang babaeng naka-pink. Mataginting iyon at buhay na buhay. “Ayos ka, ha! Sige, pag-iisipan ko kung gusto kong maging redundant.”

“Hindi nga kami redundant,” nakangusong sabi ni Kelvin. The girl just patted his hand before she turned to me, which I didn’t quite expect.

Or maybe I was just busy furtively looking at her that I didn’t notice it right away.

“Hey...” Hindi ko alam kung bakit parang may kakaiba sa paraan ng pagkakangiti niya sa akin. Nobody’s smile had made me this nervous before.

“Hi,” I croaked. I wanted to hit myself in the head. Ang sama ng tunog ng boses ko.

“Audio-Visual Club. Hmm... interesting,” tumatangutangong sabi niya.

“Ngek! Nag-a-archive lang sila ng videos ng mga events dito sa college. ’Yung TV show once a month lang at ako lang ang bida. Malamang mag-aayos ka ng stage o mag-aayos ng kable,” sabat ni Kelvin, ang host ng monthly TV show namin.

“I don’t mind. I like working behind the scenes, anyway.” She smiled, still looking at me. I could feel it, she was still looking at me. Habang hindi ko alam kung saan ako titingin—sa forms sa harap ko, sa brochures o sa nakabukas na laptop?

“Mas bagay ka sa *Design Dynamics*. You’re like a walking... design, anyway,” pangungulit pa ni Kelvin.

Muling natawa ang babae. What is her name? Bakit hindi pa niya iabot ang reg form?

“Medyo mahiyain ka, ’no?” She drummed her fingers on the table. Pudpod ang gupit ng mga kuko pero may pulang nail polish.

“Mahiyain talaga iyan since birth,” Kelvin answered for me.

Bakit ba hindi ako naging kasing-kulit ng kaibigan ko? I wanted to raise my face and look at her. Pero nararamdamang ko ring umiinit na naman ang mukha ko. Shit!

I also wish I could curse out loud. Maybe I could start

gaining confidence that way.

“I think you’re adorable, though.” Her hand waved close to my face.

“Uh-oh...” narinig kong sabi ni Kelvin.

I had to do it. I have to look at her. Parang tumutugtog ang *Psycho* theme habang nagtataas ako ng tingin, hanggang sa salubungin ko ang pinakamagandang mga matang nakita ko. Her eyes were big, a beautiful light brown shade. Her nose was delicate and aquiline. Her lips were the shape one often sees on lipstick models. Mukhang maputi siya talaga pero may bahagyang tan.

At pulang-pula rin ang buhok niyang hindi ko alam kung natural.

“Hindi lang naman panay technical sa *AV Club*. We also write, we help out in school events. There’s also a bit of science and design involved since we develop applications for each event, and stage designs,” tuluy-tuloy kong sabi habang napapadako ang tingin sa bag niya. Gutom ba ako o talagang parang may gumagalaw sa side pocket niyon?

I blinked. Pero kakakain ko lang!

Napansin niya sigurong may nakaagaw ng atensyon ko. Tumingin din siya sa bag niya, may kung anong pabulong na sinabi, bago hinimas ang kung anumang gumagalaw na iyon.

Slowly, something grey and furry emerged from the

pocket. Sinundan iyon ng maliliit na tainga at itim na mga mata.

Napakapit ako sa mesa.

She leaned closer, gingerly holding the pocket where a tiny head peeked out. “His name is Gollum.”

“G-Gollum?” I croaked. Hindi naman ako takot sa hamster—yes, that little furry thing is a hamster. Pero hindi ko alam kung bakit kahit wala dapat akong pakialam ay concerned akong masiguro na hindi gagawa ng gulo ang dala niyang iyon.

I leaned in and whispered, “You should keep that. Baka—”

“Nagpaalam na ako, puwede daw magdala ng pets basta ‘yung puwedeng ilagay sa bag,” she whispered back.

I was about to answer when I heard Kelvin asking if that was indeed what he thought it was.

“Yes,” I hissed. “His name si Gollum.”

Natawa si Kelvin. “Close na kayo?”

Tiningnan ko lang siya nang masama bago umayos muli ng upo habang sumesenyas sa babaeng naka-pink na itago niya saglit si Gollum.

“Don’t worry. Masyado siyang attached sa akin para lumayo.” She tilted her head, smiled as she looked at me, then turned to my friend. Hindi ko alam kung bakit

nakaramdam ako ng lungkot at disappointment sa nakita. So, she's joining the *redundant* club?

"What's your name?" tanong ng babae sa kaibigan ko.

"Kelvin. Kelvin Del Corro." Inilahad niya ang kamay, na tinanggap naman ni...

"Marvel Girl," she said without missing a beat.

"Marvel Girl. You serious?" natatawa at di-makapaniwala ng tanong ni Kelvin.

"Do you not see my hair?" Umarko ang kilay ni Marvel Girl. "It's what I want to be called."

Alanganing napangiti ang katabi ko. "Sure, whatever. "

She nodded while absently tapping her bag's suede pocket. Mukhang sanay talagang tumambay roon ang alaga niya. "Good. Well, sorry, Kelvin, but I only have to join two clubs. May form na ako para sa *Science Nerds*, and I think I am more interested in..." She handed me her registration form.

"Oh, no," kunwa ay nalungkot na sabi ni Kelvin. "Sige, kung gusto mong mahirapan."

Natawa lang si Marvel Girl at tumingin sa akin. "And you are?"

"Benedict," simpleng sagot ko, hindi ko alam kung ngingiti, o kung nakangiti na ba ako?

I was just sitting there, looking at her, and allowing my

mind to go blank if only I hadn't seen her extending her right hand.

Tinanggap ko iyon at nakipagkamay. Her hand was small, but she had long fingers. It was a bit rough and warm. Good to touch.

"Ahem... ahem, ahem." Kevin mock-cleared his throat. Nagpalipat-lipat ang tingin niya sa mukha ko at sa mga kamay namin ni Marvel Girl. Napabitaw tuloy ako at inabutan siya ng application form. Bago ko tatakan ang reg form niya ay nakita ko ang nakalagay roon.

Her name is not Marvel Girl.

Napatingin akong muli sa kanya habang ibinabalik ko iyon. She was looking at me with a playful glint in those soulful big eyes.

"Thank you, Benedict." Iwinagayway niya ang mga hawak na papel, at aalis na sana kung hindi lang hinabol ni Kelvin ng tanong.

"Why the *AV Club*? Why Scott Summers, I mean Wolverine... oh hell, just plain old boring, shy Benedict?"

Umarko ang isang kilay ni Marvel Girl bago ngumiti at bumaling sa akin. I was not ready for what she did next. She reached in and poked me on the cheek. "I don't think he's boring. He seems interesting, shy lang. At... ang guwapo niya kasi." She grinned and without another word, waved goodbye

and exited the stage.

Naiwan akong ayaw tumingin kay Kelvin na malamang ay ngising-aso na.

Umpisa na ng Hunyo, tag-ulan na dapat pero mas matindi pa yata sa summer ang pag-iinit ng mukha ko.



“Mabait ’yung si Benedict Catalano, para lang snob kasi mahiyain. Pero kapag kinausap mo, accommodating naman.”

“Pero mahiyain pa rin.”

“Kesa naman ’yung ibang tao dito na friendly kuno, pero mga plastic naman.”

“Pero sayang, ang guwapo ni Papa Benedict, sobrang mahiyain lang. Hindi kaya kalahi ’yun?”

“Wish mo lang, ’no!”

Natatawang napailing lang ako sa usapan ng mga bagong kaibigan na sina Jade at Leon. Inabot din nang ilang minuto ang paghahanap ko ng mapupuwestuhan sa auditorium, dahil sa tuwing palapit ako sa mga naiispatang puwesto ay tila hayagan namang ipinapahayag sa pamamagitan ng mapanuri at mapanlait na tingin ng mga taong nakaupo malapit doon na hindi ako welcome.

Paakyat tuloy ako nang paakyat, hanggang sa mahagip ng tingin ko ang dalawang estudyanteng noon ko napansing kumakaway sa akin.

Mukhang itinuturing ding outcasts ang dalawa. Leon is a good-looking big guy who's openly gay, while Jade is a beautiful, curvy morena who confesses to having a slutty reputation. Mukha kasing kahit ano ang isuot niya ay mahahalata pa rin ang magandang pangangatawan. Sinabi rin niyana tuwing weekends ay reception officer siya sa isang men's sports club.

“Nasa isang high-end residential community siya, at disente ang lugar. Disente rin ang trabaho ko, taga-encode lang. Hindi ko alam kung bakit madudumi ang utak ng ibang tao,” naiiling na kuwento ni Jade matapos sabihin kaagad sa akin kung ano siya para raw maiwasan ko na siya kung sakali.

“Ako naman, anak n’ung dating sexy star na naging addict pero business owner na ngayon. Pero syempre, dahil judgmental ang mundo, addict na siya forever,” bale-walang kuwento ni Leon.

“At wala akong makitang mali doon. Mas may mali pa yata sa gaya kong kung ano ang current obsession ay doon ko gustong i-associate ang sarili ko,” natatawang sabi ko. I know people have always found me weird, but this is the first time that I felt unwanted.

“Lakas-tama naman kasi ang trip mo, ’Te! May dala ka pang minion.” Natawa rin si Jade. “But I like you. In fairness, carry mo ang pink overload.”

“Sa pasukan, magpupula ako.” I grinned.

“Kami rin!” excited na sabi ni Leon.

“Go! Planuhin natin ’yan,” sang-ayon ko kaagad.

“So, sino ka naman dati? Bago ka na-addict kina Jean Grey at Dark Phoenix also known as Marvel Girl?” naaaliw na tanong ni Jade na ang tinutukoy ay ang character sa *X-Men* comics na may psychokinetic abilities.

“Nag-umpisa ako sa Tinkerbell noong grade four ako, ’tapos naging Hermione Granger, then naging Elizabeth Bennet ng *Pride and Prejudice*. ’Tapos nakapanood ako ng *X-Files* at naging si Agent Dana Scully and just last year, naging si Marvel Girl. At least, wala nang gaanong effort sa hair color,” kuwento ko.

“Grabe! ’Katuwa ka, na-inspire tuloy ako.” Ngiting-ngiti si Jade, ang kanina ay medyo malungkot at parang may bahagyang galit sa mundo na dating ay tila nabura na.

“Bellatrix Lestrange ang bagay sa iyo, bakla,” Leon offered. “’Tapos ang dalhin mong pet, bulate!”

“Kapal mo! Ikaw naman si... wait, isa kang nilalang, isa kang... Clabbert! Half-monkey, half-froglet,” ganti kaagad ni Jade. Nagkatawanan lang kami.

Nang humupa iyong ay sabay-sabay pa kaming napatingin sa stage kung saan nag-uumpisa na ang mga presentations. Kaagad nahagip ng tingin ko si Benedict na nasa gilid at tila hindi mapakali habang hawak ang isang folder.

“Benedict could be a superhero. Hindi bagay na Superman o Batman kasi medyo lanky pa siya.”

“Puwedeng sigurong si Peter Parker?”

“Thor or Loki?”

“Puwedeng Loki! Puwede rin siyang Time Lord sa *Dr. Who!*”

“Papasang James Bond kung magpapalaki ng katawan.”

“Hmm... puwede.”

“Hmm.”

Napapangiti lang ako sa naririnig sa dalawa. Medyo nakakapanibago dahil simula nang lumipat kami rito sa Manila noong isang buwan ay panay mapanuring tingin na ang nakukuha ko. Nasanay akong tanggap ng mga tao ang kakaibang mga trip ko sa buhay. I was hoping Manila would be different, but I was wrong.

Or maybe I was just too extreme for their taste. Hindi ko rin naman sila masisisi. Naiintindihan ko, actually. I just wish they would give me a chance, eventually.

“Ayan na, magsasalita na si Benedict.” Nangalumbaba si Jade. “Hindi ko siya crush pero gustung-gusto kong pakinggan ang boses niya. Bawasan lang talaga ang pagkashy, puwede na.”

Ginaya ko ang ayos niya, pero ang isang kamay ay tinatapik-tapik ang behaved na boarder ko sa bag. Itinutok ko

ang atensyon sa stage. He was gingerly holding the mic as he greeted the crowd, na naiinis akong hindi man lang ganoon ka-welcoming at responsive.

Maikli lang ang sinabi ni Benedict, pagkatapos ay ang four-minute music video na ang hinayaan niyang magpaliwanag. His voice was low and soothing, at kahit halatang mahiyain ay mukhang alam naman niya ang mga sinasabi. Nahahalata rin doon na enjoy at gusto niya sa *AV Club*. Parang bale-wala rin sa kanya na halos walang nakikinig, until I saw him look at the audience as the video started.

Parang nalungkot siya nang makitang karamihan ay busy sa mga cellphone, tablet o chismisan. Napayuko tuloy siya at parang gusto na sigurong umalis sa puwesto sa stage kung hindi lang required na naroon siya.

I felt bad for the guy. Why can't people be more considerate? Edukado pa man ding maituturing, pero wala namang respeto. Dumerecho ako ng upo, at noon ko napansing nakatitig sa akin sina Jade at Leon.

“What?” alanganing sabi ko.

They both smiled knowingly before they both gave me the thumbs-up sign. Hindi ko alam kung nababasa nila ang naiisip ko, pero nagbigay iyon sa akin ng kumpiyansang gawin ang sa tingin ko ay dapat.

Patapos na ang music video, na maganda, kakaiba at pulido ang pagkakagawa. Sa end credits ay nabasa kong si Benedict pala mismo ang writer, editor at director niyon. Kasabay ng pag-fade into black ng screen ay ang pagbukas ng mga ilaw sa stage, at ang pagtayo ko habang malakas na pumapalakpak. Nabulabog tuloy si Gollum at sumilip mula sa bulsa ng bag ko.

“Woohoo! Way to go, Benedict!”

I didn’t care if heads turned to look at me.

Dahil ang atensyon ko ay nakatuon lang sa lalaking nasa stage, at nakatingin din sa akin.

He was blushing. He obviously never expected what I just did.

But he was also smiling. At me.